

Application para sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Application - Tagalog)

Para sa Mga Petsa ng Serbisyo ng 2012–2016

Misyon ng Cottage Health na magbigay ng mahusay na pangangalagang pangkalusugan at mapabuti ang kalusugan ng aming mga komunidad sa pamamagitan ng paninindigan sa aming mga pangunahing prinsipyo ng kahusayan, integridad, at pagmamalasakit. Bilang bahagi ng misyong ito, ikinagagalak ng Cottage Health na mag-alok ng programa ng tulong pinansyal sa mga pasyenteng hindi kayang magbayad para sa pangangalagang pang-emergency o medikal na kinakailangan.

Kwalipikado ang mga pasyente para sa tulong pinansyal kung hindi lumalampas sa 350 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan ang kita ng pamilya nila. Maaaring maging kwalipikado para sa diskwento ang mga pasyenteng ang pamilya ay may kita na mas malaki sa 350 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan.

Kapag nakatanggap ng nakumpletong application para sa tulong pinansyal, makakatanggap ang pasyente/guarantor ng kumpirmasyon sa pamamagitan ng tawag sa telepono o email. Susuriin ang application at magpapadala ng liham para sa huling pagpapasya. Kung kinakailangan ng karagdagang dokumentasyon, aabisuhan ang pasyente/guarantor.

MGA TAGUBILIN:

Upang mag-apply para sa tulong pinansyal, pakikumpleto ang application at maglakip ng mga kopya ng sumusunod na dokumentasyon para sa pasyente, guarantor (kung iba sa pasyente), at lahat ng miyembro ng pamilya ng pasyente.

- Lisensya ng nagmamaneho o ID na may larawan
- Dalawang taon ng mga tax return at pansuportang iskedyul (*tax return ng taong ito at ng nakaraang taon kung kailan ibinigay ang mga medikal na serbisyo*)

Ang pamilya ay tinutukoy bilang:

Para sa mga pasyenteng 18 taong gulang pataas - sarili, asawa, domestic partner (ayon sa inilalarawan sa Seksyon 297 ng Family Code), at mga umaasang anak na wala pang 21 taong gulang.

Para sa mga pasyenteng wala pang 18 taong gulang - sarili, (mga) magulang, mga kamag-anak na tagapag-alaga, at iba pang anak (na wala pang 21 taong gulang) ng magulang o kamag-anak na tagapag-alaga.

IMPORMASYON NG GUARANTOR (*taong responsable sa pagbabayad*):

Pangalan ng Guarantor (<i>pangalan, gitnang pangalan, apelyido</i>):		Numero ng Social Security:	Petsa ng Kapanganakan (<i>Buwan, DD, YYYY</i>):
Address:		Lungsod, Estado, Zip:	
Telepono:	Estado ng Kasal	Laki ng Pamilya (<i>ayon sa inilalarawan sa mga tagubilin sa ibaba</i>):	
(Mga) Account Number kung saan ka nag-a-apply para sa tulong pinansyal:		Email:	

Mga umaasa sa taon na isinagawa ang mga serbisyo:

Buong Pangalan:	Kaugnayan sa Guarantor:	Petsa ng Kapanganakan (<i>Buwan, DD, YYYY</i>):

Ilista ang anumang iba pang impormasyon na sa tingin mo ay makakatulong sa pagpapasya sa iyong pagiging kwalipikado para sa tulong sa pagbabayad sa iyong bayarin sa ospital—halimbawa, isang pagbabago sa kita: (*Maglakip ng hiwalay na sheet kung kinakailangan*)

PAGPAPATUNAY

Pinapatunayan ko na ang lahat ng impormasyong nakalista ay totoo at tama sa abot ng aking kaalaman. Nauunawaan ko na gagamitin ang impormasyon upang mapagpasyahan ang kakayahan kong magbayad para sa mga serbisyong ibinibigay ng Cottage Health at pinahihintulutan ko ang Cottage Health na ibahagi ang impormasyon kapag kinakailangan para sa pagpapatotoo at na isaalang-alang ang aking kahilingan para sa tulong pinansyal. Nababatid ko na ang pederal na batas ay nagpapataw ng mga parusa para sa anumang hindi totoong pahayag at sa paggamit ng mga hindi totoong dokumento sa pagkumpleto sa application na ito.

Lagda ng Guarantor:

Petsa:

Pakipadala ang application na ito sa: Maaari mo ring personal na isumite ang application na ito sa anumang sumusunod na lokasyon:

Cottage Health

Financial Assistance Program
PO Box 689
Santa Barbara, CA 93102

Cottage Health Business Office, 6550 Hollister Ave. Goleta, CA 93117

(Mga Oras: 8am–4pm, Lunes–Biyernes)

Santa Barbara Cottage Hospital, 400 W. Pueblo St. Santa Barbara, CA 93105

Goleta Valley Cottage Hospital, 351 S. Patterson Ave. Goleta, CA 93111

Santa Ynez Valley Cottage Hospital, 2050 Viborg Rd. Solvang, CA 93463

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa team ng Tulong Pinansyal ng Cottage Health sa 805-879-8963.

TALA NG FINANCIAL ASSISTANCE PROGRAM AT PAGBABAYAD SA SARILI:

Iniaatas ng batas ng California na ibigay ng Cottage Health ang sumusunod na impormasyon sa lahat ng pasyenteng nakakatanggap ng mga serbisyo sa isa sa mga pasilidad ng Cottage Health:

1. Dapat mong ipaalam sa amin kung ikaw ay may anumang uri ng saklaw ng insurance sa kalusugan. Kasama rito ang saklaw mula sa isang insurer para sa kalusugan, plan para sa serbisyo ng pangangalaga pangkalusugan, Medicare, Medi-Cal/Medicaid, California Children's Services (CCS), mga programa ng county, plan ng Covered California, Healthy Families Program, o iba pang programa ng saklaw ng insurance sa kalusugan na pinondohan ng estado.
2. Kung wala kang anumang saklaw ng insurance sa kalusugan, maaaring kwalipikado ka para sa Medicare, Medi-Cal/Medicaid, CCS, Healthy Families Program, insurance sa pamamagitan ng Covered California, iba pang saklaw sa kalusugan na pinondohan ng estado o county, o tulong pinansyal. Maaari kang tulungan ng tagapayo sa pag-enroll sa Patient Access Department ng Cottage Health sa mga application para sa saklaw o tulong. Maaari ding magbigay ang mga tagapayo sa pag-enroll ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga lokal na programa ng legal na tulong para sa consumer na tumutulong sa mga pasyenteng walang insurance na magkaroon ng saklaw. Maaaring makaugnayan ang mga tagapayo sa pag-enroll sa **805-569-7410**, sa mga oras mula 7am–6pm, Lunes–Biyernes, o sa pamamagitan ng pagpunta sa entrance na Bath Street ng Santa Barbara Cottage Hospital.
3. Kung wala ka o hindi sapat ang iyong insurance, o kung natutugunan mo ang ilang partikular na kinakailangan sa mababa at katamtamang kita, maaari kang maging kwalipikado para sa isang diskwento o iba pang tulong pinansyal. Dahil iniaatas ng Pederal na batas at batas ng Estado sa lahat ng ospital na gumawa ng makatuwirang pagsisikap na kolektahin ang bayad para sa mga serbisyo, gagamitin namin ang aming karaniwang proseso ng pagsingil maliban na lang kung ipaalam mo sa amin ang iyong mga espesyal na sitwasyon. Maaaring mapunta ang mga hindi nababayarang bill sa isang maniningil na ahensya kung hindi mo sasabihin sa amin ang iyong pangangailangan para sa tulong pinansyal. Gusto naming makipagtulungan sa iyo ngunit kinakailangan namin na maglaman ang iyong tugon ng impormasyon tungkol sa iyong sitwasyon upang makatulong kami. Nagbibigay ang Financial Assistance Program ng Cottage Health ng tulong batay sa kita at/o mga espesyal na sitwasyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa aming team ng Tulong na Pampinansyal sa 805-879-8963, sa mga oras mula 8am–4pm Pacific Time, Lunes–Biyernes, o sa pamamagitan ng pagpunta sa 6550 Hollister Avenue, Goleta. Maaari ka ring mag-email ng mga tanong o impormasyon sa CottageBilling@sbch.org.
4. Iniaatas ng batas ng Estado at Pederal na batas sa mga tagasingil ng utang na itrato ka nang patas at ipinagbabawal nito ang mga tagasingil ng utang sa paggawa ng mga hindi totoong pahayag, pananakot gamit ang dahas, paggamit ng malaswa o bastos na pananalita, at paggawa ng mga hindi wastong pakikipag-ugnayan sa mga third party kabilang ang iyong employer. Hindi maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang mga tagasingil ng utang bago sumapit ang 8am o pagkalipas nang 9pm maliban na lang sa mga hindi pangkaraniwang sitwasyon. Sa pangkalahatan, ang isang tagasingil ng utang ay hindi maaaring magbigay sa isa pang tao ng impormasyon tungkol sa iyong utang, maliban na lang kung sa iyong abugado o asawa ito ibibigay. Hindi maaaring makipag-ugnayan sa isa pang tao ang isang tagasingil ng utang upang makumpirma ang iyong lokasyon o para magpatupad ng pagpapasya. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga aktibidad ng pagkolekta ng utang, maaari kang makipag-ugnayan sa Federal Trade Commission sa pamamagitan ng telepono sa **1-877-FTC-HELP (877-382-4357)** o online sa www.ftc.gov.
5. Ang bill na ito ay para sa mga serbisyong ibinibigay ng isa sa mga pasilidad ng Cottage Health at hindi kasama rito ang mga singil para sa iyong (mga) doktor. Makakatanggap ka ng magkakahiwalay na bill mula sa mga indibidwal na doktor o mga medikal na pangkat na tumulong sa iyong paggamot. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Tanggapan ng Negosyo ng Cottage Health sa **805-695-2518**.

FOR INTERNAL USE ONLY

- Emergent FA Request
- Non-Emergent FA Request